JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Ihsaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 3

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4
## Nababasa ang mga Salitang Hiram/Natutuhan sa Aralin



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Fiorlina T. Ceniza |
| | Tabetha Ramirez MT-I |
| **Editor/Tagasuri:** | Amparo G. Singco MT-I |
| **Tagalapat:** | Florencio R. Caballero |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI |
| | OIC, Schools Division Superintendent |
| | Visminda Q. Valde, EdD |
| | OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Raymond M. Salvador, EdD, CESE |
| | OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Juliet A. Magallanes, EdD |
| | CID Chief |
| | Florencio R. Caballero, DTE |
| | EPS-LRMDS |
| | Josephine L. Tomboc, EdD |
| | EPS-Filipino |




# Alamin

Mababasa at matutuhan mo sa modyul na ito ang mga salitang hiram. May mga gawaing inihanda para sa iyo upang mas marami ka pang matutuhan tungkol sa mga hiram na salita.

**Salitang Hiram** ang tawag sa mga salitang hiniram mula sa ibang wika na ginagamit natin dahil wala itong katumbas sa wikang Filipino.

Gamit ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
Nababasa ang mga salitang hiram/natutuhan sa aralin
**F3PP-1v-c-a2**

Handa ka na ba? Halina't simulan na natin. Kumusta ka na kaibigan? Binabati kita at natapos mo na ang ikatlong modyul sa ikaapat na markahan. Tiyak kong ang dami mo nang natutuhan.

Ang araling ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka para sa ibayong paglinang ng iyong kasanayan sa pang-unawa sa mga salitang hiram na iyong binabasa.

**PAALALA**: HUWAG SULATAN ANG MODYUL NA ITO. MAGHANDA NG SARILING SAGUTANG PAPEL.

| Aralin 4 | Nababasa ang mga Salitang Hiram/Natutuhan sa aralin |
|---|---|



## Balikan

Ano ang salitang kilos?

Ang salitang kilos ay ang mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw sa loob ng pangungusap.

Halimbawa:

Sina Xyvelle at Stephen ay <u>umiinom</u> ng vitamin C araw-araw.

Salungguhitan ang mga salitang kilos sa bawat pangungusap.

1. Ugaliing maghugas ng kamay palagi.
2. Huwag kalimutang maglagay ng alcohol o hand sanitizer.
3. Kumain ng mga masustansiyang pagkain.
4. Palaging magsuot ng face mask.



## Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipinakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.

**Gawain A**

**Panuto**: Basahin ang tula at isulat sa papel ang mga salitang may salungguhit.

**PANDEMYA**

***(Fiorlina T. Ceniza)***

Labis na nag-aalala mga tao sa buong mundo,
Kadalasan sa mamamayan nawalan ng trabaho.
Dulot ng <u>pandemya</u> at sunod-sunod na <u>delubyo,</u>
Na nagpapahamak sa maraming tao.

Kaya manalig sa Diyos huwag kalimutan,
Sarili't pamilya naway iingatan.
<u>Safety protocol</u> laging tatandaan,
Kalusuga'y pangalagaan upang <u>virus</u> ay maiwasan.

Maghugas ng kamay sa tuwi-tuwina,
Maglagay ng alcohol, sanitizer at iba pa.
Kumain nang masustansiya, prutas, bitamina,
Kapag sumapit ang gabi'y matulog ng maaga.

Magsuot ng face mask, social distancing isali na,
Sapat na pag-iingat, sa pandemya di mahahawa!

**Gawain B**

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa tulang binasa.

1. Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit?
2. Ano ang dahilan bakit napahamak at nawalan ng trabaho ang maraming tao?
3. Batay sa ikalawang taludtod, ano ang dapat tandaan upang kalusugan ay mapangalagaan?
4. Sa tula na iyong binasa, isulat ang mga dapat gawin upang maiwasan ang virus.



# Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

Salitang Hiram ang tawag sa mga salitang hiniram mula o galing sa ibang wika na ginagamit natin dahil wala itong katumbas sa ating wika. Na pinapalitan ang baybay sa Diksyunaryong Filipino.

Maaaring ang mga ito ay may taglay na hiram na titik tulad ng: c, f, j, q, v, x, at z.

Halimbawa:

Ang salitang tsokolate ay hango sa salitang Ingles na chocolate.

Ang tsinelas naman ay hango sa salitang Espanyol.

Basahin ang iba pang mga halimbawa ng salitang hiram na hiniram natin sa ibang wika.

| | |
|---|---|
| cake -keyk | vitamins-bitamina |
| basketball -basketbol | fruits -prutas |
| computer -kompyuter | cocina -kusina |
| cellphone -selpon | cuarto -kuwarto |



# Pagyamanin

**Gawain 1**

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na salitang hiram. Isulat ito sa patlang upang mabuo ang kahulugan.

| | | |
|---|---|---|
| Metro | quarantine | Social Distancing |
| pandemya | Nars | manedyer |

1. Ang __________________ ay isang nakakahawang sakit na kumakalat sa buong mundo.
2. _______ ang tumutulong sa doktor sa pag-aalaga ng mga taong may sakit.
3. __________ ito ay sukat o haba.
4. Si Lito ay galing sa Maynila. Pagdating sa kanilang probinsiya, hindi na siya umaalis o lumalabas ng bahay dahil siya ay nag ____________________.

**Gawain 2**

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng tsek (/) ang patlang sa bawat bilang kung tama at ekis (X) naman kung mali.

____1. Salitang Hiram ang tawag sa mga salitang walang katumbas sa wikang Filipino.

____2. Maaaring ang mga ito ay may taglay na hiram na titik gaya ng; c, f, j, q, v, x at z.

____3. Ang salitang tsinelas ay hango sa salitang Hapon.

____4. Ang tsokolate ay hango sa salitang Ingles na chocolate.

**Gawain 3**

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod:

1. Batay sa natutuhan sa araling ito, ano ang salitang hiram?
2. Magbigay ng (5) limang halimbawa ng mga hiram na salita.



# Tayahin

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot ng ***salitang hiram***.

1. Ang tatay ni Jake ay isang manedyer. Alin ang **salitang hiram** sa pangungusap? Isulat ito sa sagutang papel.
   a. tatay b. Jake c. manedyer d. isang
2. Nagkaroon ng pulong-pulong ang mga tao sa barangay.
   a. barangay b. Nagkaroon c. tao d. mga
3. Ang pandemya ay nagdulot ng malaking suliranin sa buong mundo.
   a. nagdulot b. pandemya c. mundo d. suliranin
4. Kailangan nating mag social distancing saan man tayo magpunta upang maiwasan ang pagkalat ng virus.
   a. social distancing, virus b. kailangan nating c. pagkalat d. saan



# Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

***Gawain: Kakayanin ko... Gagawin ko...***

Basahin ang mga sumusunod na salitang hiram at gamitin ito sa pangungusap.

1. basketbol
2. keyk
3. kompyuter
4. konggreso

| |
|---|
| Binabati kita! Natapos mo nang sagutan ang modyul na ito. Maaari ka ng magpatuloy sa susunod na modyul. |

# Susi sa Pagwawasto

***Balikan***

**Gawain 2**

1. maghugas
   /
2. maglagay
   /
3. kumain
   x
4. magsuot
   /

***Tuklasin***

***Gawain A***

pandemya
tawag sa
delubyo
mula sa
safety protocol
itong virus
wikang Filipino.
alcohol
ng mga
sanitizer
prutas
bitamina
face mask
social distancing
.

**Gawain**

distancing, virus

1. pandemya at delubyo
2. safety protocol
3. • Maghugas ng kamay
   • Maglagay ng alcohol at hand sanitizer
   • Magsuot ng facemask at faceshield
   • Kumain ng masustansiya, prutas at bitamina
   •Social distancing
5. Depende sa sagot ng mga bata

***Pagyamanin***

**Gawain 1**

1. Pandemya 1.
2. Nars 2.
3. Metro 3.
4. Quarantine 4.

**Gawain 3**

**1**. Salitang hiram ang
mga salitang hiniram
ibang wika dahil wala
katumbas sa

**2**. Depende sa sagot
bata.

***Tayahin***

1. c. manedyer
2. a. barangay
3. b. pandemya
4. a. social

**Mga Sanggunian:**


MMES Salitang Hiram Supplemental Videos
December 08, 2020
https://www.google.com/search?q=MMES

Vibal Group Teacher Vibal: Filipino Mondays
December 08, 2020
https://m.youtube.com/watch?v=5bPS43

PVES Grade Three Maamo S.Y. 2020-2021
December 08, 2020
https://m.youtube.com/results?search-query=PVES
Mga Salitang Hiram/ Filipino 3 Ikatlong Baitang
December 08, 2020
https://.m.youtube.com/watch?v=ww3JnQP60c

Teacher Sabina. "Grade 3 Filipino MELC Wk4 salitang hiram." October 16, 2020. Youtube video, 0:57. https://m.youtube.com/watch?v=7jM6jvA5Rx8.

Zuan, Juliebeth. "Mga salitang hiram sa Filipino." October 25, 2020. Youtube video, 6:30. https://m.youtube.com/watch?v=UtVvfDq9d1M.